



Si Kagawad.

Mabait kung sa mabait. Magalang. Pero minsan, makikita din siyang lasing, lalo na pagkakuha ng honorarium. Kumandidato siyang kagawad dahil wala siyang trabaho, at kung hindi ay tambay siya sa kanto.

Hindi madali ang trabaho at responsibilidad ng barangay kagawad. Ang sabi ng Local Government Code, ilan sa mga responsibilidad ng konseho ng barangay ay ang: pagpapatupad ng mga ordinansa ng gobyerno; paghawak ng pera ng barangay at pagdedesisyon kung paano ito pinakamabuting gagamitin para sa kapakanan ng komunidad; paglulunsad ng mga talakayan tungkol sa kalinisan, nutrisyon, edukasyon, drug abuse, peace and order; pagkalinga sa kapakanan ng mga kabataan, sa edukasyon man o pantahanan.

Kaya ba itong gawin ng mga gusto mong ibotong kagawad?

PAG-ISIPANG MABUTI.

Isang paalaala mula sa **NAMFREL** para sa
2010 Barangay at Sangguniang Kabataan (SK) Elections



Si Kagawad.

Mabait kung sa mabait. Magalang. Pero minsan, makikita din siyang lasing, lalo na pagkakuha ng honorarium. Kumandidato siyang kagawad dahil wala siyang trabaho, at kung hindi ay tambay siya sa kanto.

Hindi madali ang trabaho at responsibilidad ng barangay kagawad. Ang sabi ng Local Government Code, ilan sa mga responsibilidad ng konseho ng barangay ay ang: pagpapatupad ng mga ordinansa ng gobyerno; paghawak ng pera ng barangay at pagdedesisyon kung paano ito pinakamabuting gagamitin para sa kapakanan ng komunidad; paglulunsad ng mga talakayan tungkol sa kalinisan, nutrisyon, edukasyon, drug abuse, peace and order; pagkalinga sa kapakanan ng mga kabataan, sa edukasyon man o pantahanan.

Kaya ba itong gawin ng mga gusto mong ibotong kagawad?

PAG-ISIPANG MABUTI.

Isang paalaala mula sa **NAMFREL** para sa
2010 Barangay at Sangguniang Kabataan (SK) Elections



MGA DAPAT TANDAAN:

1. Ang botohan at bilangan para sa 2010 Barangay at SK Election sa Oktubre 25 ay **MANUAL**. Ang ibig sabihin po'y isusulat isa-isa sa balota ang mga pangalan ng nais iboto.
2. Alamin kung saan ang inyong presinto bago pa man dumating ang araw ng eleksyon.
3. Bumoto ng maaga. Magsisimula ang botohan ng **alas-7 ng umaga**, at matatapos ng **alas-3 ng hapon**. Inaasahang marami ang botante sa bawat presinto dahil sa clustering ng precincts at sa pagdagdag ng SK voters. Pumila ng maayos.
4. Isulat ng malinaw ang **kumpleto at totoong pangalan** ng mga napiling kandidato. Iwasang magkamali o magbura, at ingatang huwag magkarumi ang balota.
5. Panatiliing sikreto ang pagboto. Gawin ito nang mag-isa, at huwag ipakita ang balota sa katabi.
5. Pagkaboto, huwag subukang tanggalin ang indelible ink sa daliri. **Tanda ito ng pagiging isang mabuting mamamayan.**
6. **Bantayan** ang bilangan. Kung maari ay mag-volunteer na election watcher. Magdala ng flashlight o kandila kung sakaling mag-brownout. Magmanman sa paligid. Huwag hayaang guluhin ninuman ang eleksyon dahil **ang pagboto ay sagrado**.

Dayaan? Iregularidad? Ibigay sa amin ang detalye sa www.namfrel.org.ph. Puwedeng mag-attach ng mga litrato, video, at dokumentong pagpapatunay.



National Citizens' Movement for Free Elections
Unit 601 DMG Center, Libertad cor. Calbayog St., Mandaluyong City
T - 02.4847590 / M - 0927.9611524 / 0919.3389344
www.namfrel.org.ph
bantayngbayan@namfrel.com.ph

MGA DAPAT TANDAAN:

1. Ang botohan at bilangan para sa 2010 Barangay at SK Election sa Oktubre 25 ay **MANUAL**. Ang ibig sabihin po'y isusulat isa-isa sa balota ang mga pangalan ng nais iboto.
2. Alamin kung saan ang inyong presinto bago pa man dumating ang araw ng eleksyon.
3. Bumoto ng maaga. Magsisimula ang botohan ng **alas-7 ng umaga**, at matatapos ng **alas-3 ng hapon**. Inaasahang marami ang botante sa bawat presinto dahil sa clustering ng precincts at sa pagdagdag ng SK voters. Pumila ng maayos.
4. Isulat ng malinaw ang **kumpleto at totoong pangalan** ng mga napiling kandidato. Iwasang magkamali o magbura, at ingatang huwag magkarumi ang balota.
5. Panatiliing sikreto ang pagboto. Gawin ito nang mag-isa, at huwag ipakita ang balota sa katabi.
5. Pagkaboto, huwag subukang tanggalin ang indelible ink sa daliri. **Tanda ito ng pagiging isang mabuting mamamayan.**
6. **Bantayan** ang bilangan. Kung maari ay mag-volunteer na election watcher. Magdala ng flashlight o kandila kung sakaling mag-brownout. Magmanman sa paligid. Huwag hayaang guluhin ninuman ang eleksyon dahil **ang pagboto ay sagrado**.

Dayaan? Iregularidad? Ibigay sa amin ang detalye sa www.namfrel.org.ph. Puwedeng mag-attach ng mga litrato, video, at dokumentong pagpapatunay.



National Citizens' Movement for Free Elections
Unit 601 DMG Center, Libertad cor. Calbayog St., Mandaluyong City
T - 02.4847590 / M - 0927.9611524 / 0919.3389344
www.namfrel.org.ph
bantayngbayan@namfrel.com.ph